JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malimpyo
JUNE
Maabtik og Masunod sa Insaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhawahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ika-apat na Markahan - Modyul 2:
## Pagkilos at Pagtugon ng mga Pilipino nagbibigay daan sa Pagwawakas ng Batas Militar



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Araling Panlipunan – Ika-anim na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ika-apat na Markahan – Modyul 2: Pagkilos at Pagtugon ng mga Pilipino Nagbibigay Daan sa Pagwawakas ng Batas Militar**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon paman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang ano mang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Rosemarie A. Hangcan | |
| **Editor:** | Aileen N. Geografo | |
| **Tagasuri:** | Aileen N. Geografo, Vilma C. Velasco | |
| **Tagalapat:** | Franklin E. Benitez | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI- Schools Division Superintendent | |
| | Lourma L. Poculan | - Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | - Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | - Chief, Education Supervisor SGOD |
| | Monina R. Antiquina, E.M.D. | - Education Program Supervisor- Aral Pan |
| | Janette A. Zamora E.M.D. | - Public Schools District Supervisor |
| | Ronillo S. Yarag | - Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | - Project Development Officer II, LRMS |

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education –
Region IX, Dipolog City Division
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Telefax: (065)212-6986 and(065) 212-5819
E-mail address:dipolog.city@deped.gov.ph



# *Alamin*

Sa modyul na ito ay malalaman mo ang pagkilos at pagtugon ng mga Pilipino nagbigay daan sa pagwawakas ng Batas Militar. Saklaw din sa modyul na ito ang pagbuo ng People Power I bilang pagtugon sa pagwawakas ng Batas Militar.


Pamantayan ng Pagkatuto:

Natatalakay ang mga pagkilos at pagtugon ng mga Pilipinong nagbibigay daan sa pagwawakas ng Batas Militar



# *Balikan*

Pagmasdan ang mga larawan. Ano ang masasabi mo sa bawat isa sa panahon ng Batas Militar?

1. 

________________________________________

________________________________________

________________________________________

2. 

________________________________________

________________________________________

________________________________________

3. 


________________________________________

________________________________________

________________________________________

| Aralin 2 | Pagkilos at pagtugon ng mga Pilipino nagbibigay daan sa Pagwawakas ng Batas Militar |
|---|---|



## *Tuklasin*

### Deklarasyon ng Batas Militar

Nang idineklara ni Pangulong Marcos ang Batas Militar, ginamit niya ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas para arestuhin at ikulong ang mga kalaban niya upang malaya niyang maisagawa ang mga malawakang pagbabago. Kasama rito ang mga mamamahayag at komentarista sa radyo at telebisyon at mga kalaban niya sa politika, Karamihan sa kanila ay pinarusahan at ang iba'y pinapatay.

Ang lahat ng pahayagan, palimbagan, radyo at istasyon ng telebisyon ay pinasara. Pinangasiwaan ng pamahalaan ang pagpapatakbo ng mga kakailanganin ng publiko, katulad ng sasakyang eroplano, Ang Philippine Long Distance Telephone Co., ang Manila Electric Company, at ilang Integrated Steel Mill.

## Karanasan ng mga Piling Taong-Bayan

Ang mga kalaban at bumabatikos kay Marcos ay ikinulong tulad nina Senador Benigno Acquino, Jr., Jose Diokno, Jovito Salonga, Ramon V. Mitra, at dating Senador Francisco "Soc" Rodrigo. Sina Joaquin "Chino" Roces, ang Tagapaglathala ng *The Manila Times*. Si Teodoro M. Locsin, ang patnugot ng Philippine Free Press; at ang mga mamamahayag sa diyaryo na si Maximo Soliven at Amando Doronila ay ikinulong din. Naging dahilan ang mga ito sa pagbuo ng samahan laban kay Marcos.

Si Benigno "Ninoy" Aquino, Jr. ay isang senador bago pa ideklara ni Pangulong Marcos ang Batas Militar. Isa si Aquino sa mga ipinabilanggo ni Marcos dahil sa pagtutol niya sa pamamalakad ng pamahalaang Marcos. Nang siya ay magkasakit, pinayagan siyang pumunta sa United States upang magpagamot.

## Pagkamatay ni Ninoy (Agosto 21, 1983)

Masayang hinihintay ng mga taong hindi nasisiyahan sa pamamalakad ni Marcos ang pagbalik ng lider ng oposisyon na si Ninoy mula sa United States. Nagsabit sila ng dilaw na laso bilang tanda ng kanilang kasiyahan. Samantalang nasa ilalim ng proteksiyon ng Aviation Security

Command (AVSECOM) sa pamumuno ni Heneral Luther Custodio, siya ay pinaslang pagkababa sa eroplano. Ang pagkamatay ni Benigno "Ninoy" Aquino, Jr. ay nagpaigting sa kinikimkim na galit ng mga Pilipino sa pamahalaan.

## Mga Reaksyon sa Patakaran ng Pamahalaan

Matapos mailibing si Aquino, hindi mabilang ang sunod-sunod na rali at demonstrasyon bilang protesta laban sa nangyari kay Ninoy at iba pa sa mga katiwalian sa pamahalaan. Habang patagal ng patagal ang Batas Militar, parami ng parami ang nagalit na mga mamamayan sa pamamalakad ni Pangulong Marcos. Nagkaisa ang mga magsasaka, manggagawa, kabataan, at propesyonal na humingi ng pagbabago sa pamahalaan. Nagkaroon ng sunod-sunod na rali upang maibalik ang kalayaan at katarungan sa ating bansa. Nagalit din ang mga mamamayan sa napakalaking bilang ng paglabag sa karapatang pantao na naganap noon at mga patayan na dulot ng sagupaan ng mga military at mga rebelde.

**Dagliang Halalan noong 1986** ang naging solusyon ni Pangulong Marcos upang maibalik ang tiwala ng buong mundo sa kanyang pangasiwaan.

Dahil sa malalang kalagayan ng ating bansa, ang mga dayuhang namumuhunan at mangangalakal sa bansa lalo na ang Amerika pati na ang International Monetary Fund na nagpapautang sa bansa ay nangamba. Ibig nilang malaman ang tunay na kalagayan ng bansa at kredibilidad ni Pangulong Marcos. Upang patunayan na mabuti ang kalagayan ng Pilipinas, at may tiwala ang mga Pilipino sa kanyang pamamahala, nagpatawag si Marcos ng *Snap Election* o Biglaang Halalan noong Perbero 7, 1986. Tumakbo si Corazon "Cory" Aquino sa pagka presidente.

Ang opisyal na pagbilang sa resulta ng *Snap* Election ay isinagawa ng Comission on Election. Tatlong libong computer encoders ang umalis noong Pebrero 9 bilang protesta sa nakita nilang pandadaya sa bilangan. Ngunit batay sa opisyal na resulta ng COMELEC na pinagtibay ng Batsang Pambansa, iprinoklama sina Marcos ang nagwagi. Maraming tao ang nagalit. Tumanggi si Corazon Aquino na kilalanin and resulta ng COMELEC at nananwagan sa taong bayan na magdaos ng *Civil Disobedience* at hiniling na wag kilalanin ang pamahalaang Marcos.

## EDSA People Power 1

Ang mga nabanggit na pangyayari ay lalong nagpatingkad sa paghahangad ng mga Pilipino sa pagbabago. Batid nila na makakamit lamang ito kung mababago ang mga namumuno sa pamahalaan. Nagkaroon ng iisang damdamin ang mga Pilipino na mapaalis sa kapangyarihan si Marcos at ang kaniyang mga kaalyado. Tila naghihintay lamang ang bawat isa ng pagkakataon upang maisagawa ito

Isang hindi inaasahang pangyayari ang naganap noong Pebrero 22, 1986. Ipinahayag nina Defence Minister ng Tanggulang Pambansa Juan Ponce Enrile at AFP Vice Chief of Staff Fidel Ramos ang kanilang pagtalikod sa rehimeng Marcos at ang panawagan na pakinggan ang

hinaing ng mga mamamayan na bumaba siya sa puwesto. Ito ang naging hudyat ng makasaysayang 1986 EDSA People Power Revolution.

Ang EDSA People Power 1 ang nagpatalsik sa pamahalaang Marcos at siyang naging simula sa pagsulong ng demokrasya. Dahil sa People Power nakilala ang mga Pilipino sa kakayahan na maglunsad ng isang mapayapa ngunit epektibong pag-aalsa.



## *Suriin*

Panuto: Basahin ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa patlang bago ang bawat bilang.

_____1. Ano ang naging karanasan ng mga mamamahayag at kumintarista sa radio sa panahon ng Batas Militar?
A. Umunlad ang kabuhayan ng mga mamamayan.
B. Ikinukulong o kaya'y ipinapatay.
C. Ipinapadala sa ibang bansa.
D. Binigyan ng pera ni Marcos.

_____2. Alin ang isa sa dahilan ang nagpaigting sa galit ng mga Pilipino laban kay Marcos?
A. Pagkamatay ni ni Benigno Aquino Jr.
B. Pagkamatay ng piling taong bayan.
C. Pag-alis ni Aquino papuntang Amerika.
D. Pagsanib ng mga kaalyado at crony ni Marcos.

_____3. Ano ang ginawa ni Pangulong Marcos upang upang maibalik ang tiwala ng buong mundo sa kanyang pangasiwaan?
A. Nagpatawag si Marcos ng Dagliang Halalan noong 1986.
B. Binigyan niya ng pagkakataon ang lahat ng namumuhunan sa bansa.
C. Pinakawalan ang mga naging biktima sa pang-aabuso ni Marcos.
D. Pinapunta si Ninoy Aquino sa Amerika.

_____ 4. Alin ang naging kaganapan sa panahon ng Snap Elections?
A. Nanalo si Benigno Aquino Jr.
B. Pinauwi si Benigno Aquino Jr. mula Amerika.
C. Nagkaroon ng malawakang dayaan sa bilangan ng boto.
D. Binuksan ang estayon ng telebisyon at radio.

_____ 5. Alin ang naging dahilan sa pagwakas ng Batas Militar?
A. EDSA People Power I
B. Snap Elections
C. Pagbukas ng mga radio sa himpapawid
D. Pagtalsik kay Marcos


# *Pagyamanin*

A. Piliin sa kahon ang tinutukoy ng bawat pangungusap. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

***A. Batas Militar***
***B. Dagliang Halalan***
***C. Sandatahang Lakas ng Pilipinas***
***D. Civil Disobedience***
***E. EDSA People Power 1***
***F. Pagkamatay ni Ninoy***

__________1. Ang nagpatalsik sa pamahalaang Marcos at siyang naging simula sa pagsulong ng demokrasya.
__________2. Ito ay idineklara upang panatilihin ang batas at kaayusan sa buong bansa.
__________3. Matapos ang pagkamatay ni Ninoy, ito ang naging solusyon ni Pangulong Marcos upang maibalik ang tiwala ng buong mundo sa kanyang pangasiwaan.
__________4. Ang nagpaigting sa kinikimkim na galit ng mga Pilipino sa pamahalaang Marcos.
__________5. Ginamit ni Marcos para arestuhin at ikulong ang mga kalaban niya upang malaya niyang maisagawa ang mga malawakang pagbabago.

B. Isulat ang mga pangyayari sa loob ng kahon na nagbigay daan sa pagwawakas ng Batas Militar.





# *Gawain*

A. Sagutin ang sumusunod na tanong:

| **Paano nagwakas ang Batas Militar?** | **Paano nabuo ang People Power I?** |
| --- | --- |
| | |

B. Basahin at sagutin ang mga tanong.

1. Anong uri ng pamamahalaan ang ipinairal ni Pangulong Marcos sa panahon ng Batas Militar?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. Ano ang naging karanasan ng ilang piling taong bayan sa pamahalaang Marcos?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3. Bakit nagprotesta ang mga tao matapos paslangin si Benigno “Ninoy” Aquino, Jr.?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

4. Bakit nagkaroon ng *Snap Election*?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

5. Paano nagsimula ang EDSA PEOPLE POWER 1?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________



# Isaisip

- Sa pamamagitan ng Proklamasyon Blg. 2045 ay winakasan ni Pangulong Marcos ang pagpapatupad ng Batas Militar sa Pilipinas.
- Bumalik si Benigno Aquino Jr. sa Pilipinas noong Agosto 21, 1983 upang muli sanang pamunuan ang oposisyon laban sa pamahalaan ni Pangulong Marcos
- Dumanas sa mapait na karanasan ang ilang piling taong bayan sa pamhalaang Marcos. Marami ang naikulong o kaya ay napatay.
- Upang patunayan na maraming Pilipino ang sumupurta sa kaniya, nagpahayag ng Snap Election si Pangulong Marcos noong Pebrero 7, 1986.
- Bumaba sa katungkulan sina Juan Ponce Enrile at Fidel V. Ramos na siyang nagging hudyat sa pagwakas ng rehimeng Marcos at pagbuo ng EDSA People Power I.



# Tayahin

Aling pangyayari ang nagtatalakay sa pagkilos at pagtugon ng mga Pilipino nagbibigay daan sa pagwawakas ng Batas Militar? Lagyan ng tsek.

_____1. Pagkaroon ng Snap Election noong Pebrero 7, 1986.
_____2. Pagbaril kay Benigno Aquino Jr. pagkababa nito sa sinasakyang eroplano.
_____3. Pagyaman ng bansang Pilipinas.
_____4. Pagpapalaya sa mga bumatikos ng pamahalaang Marcos.
_____5. Pagtaas sa ekonomiya ng bansa
_____6. Pakakaroon ng mga rali at demonstrasyon
_____7. Pag-alis ng mga dayuhang negosyante.
_____8. Pagpapawalang bisa ng batas Militar sa Pilipinas.
_____9. Napasakamay ng pamilyang Marcos at crony nito ang mahahalagang negosyo ng bansa.
_____10. Pagbaba nina Juan Ponce Enrile at Fidel V. Ramos sa kanilang katungkulan sa bansa.



# ***Karagdagang Gawain***

Panuto: Gumupit ng mga larawan na nagpapakita ng mga kaganapan sa Edsa People Power I. Idikit ito sa loob ng kahon.



# Susi sa Pagwawasto

**Balikan:**
Maaaring iba't iba ang sagot

**Suriin:**
1. B
2. A
3. A
4. C
5. A

**Pagyamanin:**

**A.**
1. E.
2. A.
3. B.
4. F.
5. C.

**B.**
- Mga Karanasang ng taong bayan/piling taong bayan
- Pagpaslang kay Benigno Aquino Jr.
- Pagbaba ni Enrile at Ramos sa kanilang katungkulan sa pamahalaan
- Pagkaroon ng Snap Election
- Simula ng Edsa People Power I / Paglabag ng karapatang pantao

**Isagawa & Isaisip**
Maaaring iba't iba ang sagot

**Tayahin:**

| | |
|---|---|
| 1. ✓ | 6. ✓ |
| 2. ✓ | 7. ✓ |
| 3. | 8. |
| 4. | 9. ✓ |
| 5. | 10. ✓ |

***Sanggunian:***


Freepik.com

Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino: Ikalawang Edisyon
May-akda: Ailene G. Baisa-Julian Nestor S. Lontoc

Batayang Aklat sa Araling Panlipunan
Mactal, Rolando B. Historia
Phoenix Publish House, 2010

Youtube.com/watch?v+u6ZKBR5Ojio

https://www.coursehero.com/file/p181c926/lto-ang-nagbigay-daan-upang-tuluyang-mawakasan-ang-Batas-Militar-at/

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samal live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land
Region IX
Our…
Eden…
Land…

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

The, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

And I ask the LORD, "Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied, "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!"

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing
breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.